BISYON AT MISYON NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN

Bisyon

Isang pangunahing lalawigan na may maunlad na ekonomiya, ligtas na kapaligiran, at matatag na gitnang uri ng mamamayan na siyang ubod ng pamayanan, na ang mga tao ay may pantay na pagkakataon sa mga serbisyo at oportunidad at ipinamumuhay ang pamanang kasaysayan at mayaman nitong kalinangan.

Misyon

Upang matupad ito, ang Pamahalaang Panlalawigan ay nakatuon na tupdin ang mga sumusunod ayon sa itinatadhana ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991:

1. Pagpapalaganap at pagpapagaan sa gawaing pangsakahan at pananaliksik sa lugar-kaparangan;
2. Pagsasaliksik at pagpapaunlad na pang-industriya, gayundin ang pagsasalin ng angkop na teknolohiya;
3. Pagpapatupad ng mga batas na may kinalaman sa pangangalaga sa kagubatan na nakatuon sa mga proyektong pang komunidad, pagsugpo sa polusyon, sa maliliit na pagmimina, at iba pang mga batas para proteksyonan ang kapaligiran;
4. Kagalingan panlipunan kaakibat ang mga programa at proyekto sa nagbalik-loob na rebelde, ebakwasyon, pamamahagi ng tulong pangkalamidad, at pagpapaunlad sa populasyon;
5. Pagsasagawa at pagpapanatiling maayos ng mga panlalawigang gusali, bilangguan, parke, lugar tipunan, at iba pang katulad na pagawain;
6. Pagsasagawa at pagpapanatiling maayos ng mga kailangang pasilidad ng mga mamamayan na mula sa pondo ng lalawigan, tulad ng (a) daan at tulay sa lalawigan, (b) pagawain ng magkakaugnay na munisipyo/lungsod sa tubig, mga *drainage* at *sewerage*, pagkontrol sa baha, at patubig; at (k) iba pang katulad na pasilidad;
7. Pagpapaplano at pagsasagawa ng mga programa at proyekto para sa mababang halaga at pangmaramihang pabahay;
8. Pagbibigay ng ayuda para sa pagpapautang at pamumuhunan sa negosyo;
9. Pagbibigay impormasyon at pagkalap ng buwis sa pamamagitan ng kompyuter at iba pang makabagong teknolohiya;
10. Pagbibigay ng *telecommunication services* sa pagitan ng mga munisipyo/lungsod na alinsunod sa pambansang polisiya at pamantayan;
11. Pagpapaplano at pagsasagawa ng mga programa sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng turismo; at
12. Paglilingkod pangkalusugan na kasama ang mga ospital at iba pang pangatlong antas ng mga paglilingkod pangkalusugan.

PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN

PANLALAWIGANG TANGGAPANG PANSEGURIDAD AT TAGAPAMAHALA NG PIITAN

CITIZEN'S CHARTER

Uri ng Serbisyo	:	**PAG-IISYU / PAGBIBIGAY NG KATIBAYAN NA NAKAKULONG (CERTIFICATE OF DETENTION)**
Uri ng Transaksyon	:	*G2C (Government to Citizen)*
Oras ng Pagkakaloob ng Paglilingkod	:	Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 ng umaga – 5:00 ng hapon, (no noon break)
Benepisyaryo	:	Malapit na kaanak ng mga detinado (maliban na lamang kung sila ang tumatayong nagrereklamo (complainant) / abogado ng mga nasasakdal na detinado
Mga Kailangang Dokumento	:	Isang (1) *valid Government issued ID*
Kabuuang Panahong Gugugulin	:	8 minuto (Simple)

HAKBANG	GAMPANIN NG KLIYENTE	GAMPANIN NG TANGGAPAN	PANAHONG GUGUGULIN	NAKATALAGANG KAWANI	BAYAD	FORM
1	Kahilingang mapagkalooban ng *Certificate of Detention*	Tanggapin ang *request*	1 minuto	*Special Investigator / Clerk*	Wala	Wala
2		Kuhanin ag records ng detinado Hingin ang ID ng kliyente at alamin ang mga impormasyong nakasaad sa carpeta ng detinado	3 minuto	*Special Investigator / Clerk*	Wala	Wala
3		Ihanda ang *Certificate of Detention*	2 minuto	*Special Investigator / Clerk*	Wala	PCSJMO-Jail-06
4		Suriin at pirmahan ang inihandang *Certificate of Detention*	1 minuto	Tagapangasiwa ng Piitan (*Administrative Officer* – sa panahong wala ang *Warden*)	Wala	Wala
5		I-isyu ang *Certificate of Detention*	1 minuto	*Special Investigator / Clerk*	Wala	Wala
KATAPUSAN NG TRANSAKSYON						

PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN

PANLALAWIGANG TANGGAPANG PANSEGURIDAD AT TAGAPAMAHALA NG PIITAN

CITIZEN'S CHARTER

Maaari po ninyong ipaalam (mula Lunes hanggang Biyerness, 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon) ang inyong mga hinaing sa pamamagitan ng *text message* (SMS) sa numero bilang **09333808226** o sa pamamagitan ng email pgbactioncenter@gmail.com ng Tanggapan ng Punong Lalawigan upang ito ay kagyat na mabigyan ng katugunan at aksyon ng kinauukulan.
Maraming salamat.